Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago®

# Mga FAQ

## Paano ako maghahanda para sa isang pagpapatingin gamit ang Telemedicine?

Para maghanda para sa inyong pagpapatingin, gawin ang sumusunod:

- Bago ang oras ng inyong pagpapatingin, i-download ang Telemedicine application sa device na gagamitin ninyo.
- Tiyaking nasa isa kayong pribadong espasyo sa inyong bahay.
- Tiyaking nakakonekta sa internet ang device na ginagamit ninyo at may sapat itong baterya para sa pagpapatingin.

## Secure at pribado ba ang video call?

Oo. Napakahalaga ng privacy ninyo para sa amin. Sa oras ng inyong nakaiskedyul na appointment, maglo-log in kayo sa appointment sa pamamagitan ng inyong device at magda-dial kayo ng natatanging code na itinalaga para sa inyong anak. Natatangi ang code na ito at partikular na nakareserba para sa pangangalaga ng inyong anak. Hindi nire-record ang mga pagpapatingin.

## Puwede ko bang i-record ang pagpapatingin?

Hinihiling namin na huwag ninyong i-record ang mga pagpapatinging ito.

## Puwede ko bang ibahagi sa ibang tao ang link ng appointment?

Oo, puwede ninyong ibahagi ang link sa sinumang gusto ninyong sumali sa appointment.

## Puwede bang tumawag ang ibang miyembro ng pamilya sa pagpapatingin gamit ang Telemedicine?

Oo. Sa imbitasyong natanggap ninyo sa email, mayroong "Audio Lang" na numero ng telepono at Meeting ID na puwede ninyong ibigay sa sinumang gustong sumali. Pakitiyak na sasali ang pasyente sa pamamagitan ng video.

## Makakakuha ba ako ng reseta at/o note para sa paaralan/trabaho?

Kung mapagpapasyahan ng provider na kinakailangan ang isang reseta, electronic itong ipapadala sa parmasyang nasa talaan namin para sa inyong anak. Ang mga note para sa paaralan/trabaho at mga karagdagang tagubilin o materyales ay ibabahagi sa inyo sa pamamagitan ng MyChart.

## Sino ang makakatulong sa akin kung nagkakaroon ako ng mga isyu sa teknolohiya?

Pakitawagan ang departamentong tinawagan ninyo para iiskedyul ang inyong pagpapatingin.